Government of Western Australia
Department of Health
Public and Aboriginal Health Division

Ang Gaganapin sa Paaralan na Year 10 Meningococcal ACWY Programa ng Inmunisasyon 2018

Ano ang meningococcal disease?

Ang meningococcal disease ay isang hindi pangkaraniwang sakit ngunit naglalagay sa panganib sa buhay kung minsan. Ang sakit ay dahil sa impeksyon ng bakterya sa dugo at/ o sa mga lamad na nakalinya sa gulugod(spinal cord) at utak.

Bagaman nagagamot ng mga antibayotiko (antibiotics), ang impeksyon ay maaaring kumalat ng mabilis, kung kaya't mahalaga para sa sinumang nakakaranas ng mga sintomas ng meningococcal disease ang kaagad-agad na magpatingin sa doktor.

Sa anumang panahon, tinatayang 10 porsiyentong malulusog na tao ay walang peligrong nagdadala ng bakteryang meningococcal sa kanilang ilong at lalamunan at hindi nagkakasakit.

Paano ka nagkakasakit ng meningococcal?

Ang bakteryang meningococcal ay kumakalat sa pamamagitan ng respiratory secretions (pag-ubo, pagbahin o paghalik). Hindi nabubuhay ang bakterya ng hihigit sa ilang mga segundo sa kapaligiran.

Ang sakit ay kalimitang naikakalat sa napakalapit na mga pagkadikit (contact) lamang, gaya ng mga taong nakatira sa iisang kabahayan, sekswal na pagkatalik, mga batang pumapasok sa kaparehong day care ng tuloy-tuloy na mahigit apat na oras.

Bakit ang WA Health ay nagpapatupad ng programang pagbabakuna para sa mga estudyanteng Year 10?

Nagkaroon ng pagdami ng meningococcal na impeksyon nitong nakaraan lang dulot ng isang klaseng bakteryang 'serogroup W'.

Nakakaapekto sa anumang edad ang sakit na meningococcal. Ngunit ang ilang pinakamataas na antas ng pagdadala ng meningococcal at pagkakasakit ay nangyayari sa mga nagdadalaga at nagbibinata at ang grupong ito ang nagdadala ng bakterya sa mga taong nasa malaking panganib na ma-impeksyon kabilang na ang mga bata.

Inaasahan na sa pagbabakuna ng mga estudyanteng Year 10 na mababawasan ang pagkalat ng bakterya sa iba at matutulungang mapigilan ang mga impeksyon sa loob ng kalakhang komunidad.

Aling bakuna ang gagamitin at gaano ka-epektibo ito?

Gagamitin ang bakunang meningococcal ACWY. Itong bakuna ay nagpoprotekta laban sa apat na serogroup ng bakteryang meningococcal: A, C, W at Y. Ang conjugate vaccine Menveo®, na sinusuplay ng GlaxoSmithKline sa Australia at ang Nimenrix®, na sinusuplay ng Pfizer ang gagamitin dito sa gaganapin sa paaralang programa.

Itong mga bakuna ay ligtas at epektibo. Ang mga programang pagbabakuna ng Meningococcal ACWY ay ipinatupad sa mga edad na adolesente 13-15 taon sa UK mula pa noong 2015 at mga adolesenteng edad 11–12 taon sa US mula pa noong 2005 na walang naiulat na matinding problema.

Ang bakuna ay kalimitang ibinibigay sa pang-isahang dosis. Inirerekomenda ang karagdagang dosis para doon sa mas mataas ang panganib na magkasakit at doon sa mga naglalakbay na karaniwan ang sakit sa lugar na patutunguhan. Ipinakikita sa mga pag-aaral ang pagka-epektibo ng mga bakunang meningococcal ACWY sa pagitan ng 80–85 porsiyento sa mga adolesente.

Sino ang hindi dapat bakunahan?

Sabihin sa taong nagbabakuna kung:

- **Mayroon kang mapanganib sa buhay na mga alerdyi (allergies).**

  Kung nagkaroon ka ng taya-ang-buhay na di-pagkahiyang matapos ang dating pagbabakuna ng meningococcal ACWY, o mayroon kang grabeng alerdyi sa alinmang bahagi ng bakuna ito, hindi ka dapat magpabakuna nito. Makapagsasabi sa iyo ang tagapagbakuna kung ano ang mga sangkap ng bakunang ito.

- **Ikaw ay buntis o nagpapasuso.**

  Hindi karaniwang inirerekomenda ang mga bakunang meningococcal para sa mga buntis o nagpapasusong kababaihan subali't naibibigay kung klinikal na sinasabi. Mangyaring pag-usapan ang karagdagan sa inyong doktor(GP) kung ikaw ay buntis o nagpapasuso.

Ano ang mga side effect ng bakuna?

Kahit na anumang gamot, kabilang ang mga bakuna, may pangyayaring karaniwang mga di magandang reaksyon. Ito ay karaniwang mga kaunti lang(mild) at nawawala ng kusa. Posible ring mangyari ang mapiligrong reaksyon ngunit bibihira. May napakalayong mangyaring naging sanhi ng pinsala o pagkamatay. Hindi kayo mai-impeksyon ng meningococcal mula sa bakuna.

Kabilang sa karaniwang nakasasamang mangyayari ang pagsakit, pamumula at pamamaga sa pinag-iniksyunang lugar, paglalagnat, iritable, nahihilo, bawas ang ganang kumain, mga sakit sa ulo, pangangati at lula. Subali't bihira ang karaniwang mga masasamang pangyayari.

Laging binabantayan ang pagiging ligtas ng mga bakuna.Para sa dagdag na impormasyon, bisitahin: www.tga.gov.au

o www.immunise.health.gov.au

HealthyWA
healthywa.wa.gov.au

Maaaring makuha itong dokumento para sa isang taong may kapansanan sa alternatibong mga pormat kung hihilingin

Produced by the Communicable Disease Control Directorate
© Department of Health 2018

Paano kung may seryosong reaksyon– ano ang dapat kong hanapin?

Hanapin ang anumang pinoproblema mo, gaya ng grabeng alerdyi, napakataas na lagnat o pambihirang ikinikilos. Kabilang sa mga grabeng reaksyon sa alerdyi ay tagulabay, pamamaga ng mukha at lalamunan, kahirapang huminga, mabilis na tibok ng puso, liyo at panghihina – kalimitang sa loob ng ilang mga minuto hanggang ilang oras matapos ang pagbakuna. Para sa anumang grabeng reaksyon, tumawag ng ambulansya o magtungo sa pinakamalapit ninyong kagawarang pang-emergency.

Ano ang dapat kong gawin?

Ang paracetamol ay nakakatulong sa pagbawas ng kaunting lagnat o pagsakit at ang malamig na basang tela ay nakakabawas din sa pananakit ng pinag-iniksyunan. Mangyaring humigi ng medikal na payo o magtungo sa lokal na kagawarang pang-emergency kung mayroon kang reaksyon na sa palagay mo ay seryoso o di-inaasahan.

O tumawag sa ***healthdirect Australia*** sa 1800 022 222.

Dapat mag-report ng mga reaksyon sa **Western Australian Vaccine Safety Surveillance (WAVSS)**. Ang inyong tagapagbakuna ang dapat magsalang ng report na ito o magagawa ninyo ng sarili sa pamamagitan ng website ng WAVSS www.wavss.health.wa.gov.au o 9321 1312 8.30n.u.- 4.30n.h. Lunes hanggang Biyernes

Dagdag na impormasyon

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa mga pagbabakuna sa meningococcal, tawagan ang ***healthdirect Australia*** sa 1800 022 222 o ang inyong lokal na tagapagbakuna gamit ang mga detalye sa pagtawag na nakalatakda sa likod ng enbelop na naglalaman ng inyong papeles sa pagpayag.

Ang kopirayt ng materyal na ito ay lubos sa Estado ng Western Australia maliban kung tinukoy na naiiba. Liban sa anumang parehas na pakikipagtunguhan para sa mga pakay ng pribadong pag-aaral, pananaliksik at pagkritiko o pagrepaso na pinapayagan sa ilalim ng probisyon ng *Copyright Act 1968*, walang anumang bahagi ang maaaring ipalabas o gamitin para sa anumang mga pakay kung walang nakasulat na pahintulot ng State of Western Australia.

IMM-013356 FEB'18